


Aksesibleng Pagboto sa San Francisco

Inilalarawan ng polyetong ito ang ilan sa mga rekursong ibinigay ng Departamento ng mga Eleksyon upang makatulong sa mga taga-San Francisco na makilahok sa mga eleksyon sa pribado at malayang paraan.



1. Pagpaparehistro upang Makaboto

Para makapagpaparehistro upang makaboto sa California, kailangang ang isang tao ay: 1) mamamayan ng U.S.* at residente ng California, 2) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon, 3) hindi kasalukuyang nakakulong dahil sa hatol na felony, at 4) hindi napatunayan ng isang korte na kasalukuyang walang sapat na kakayahan ang pag-iisip para bumoto.

Para makapagpaparehistro, pumunta sa registertovote.ca.gov o kompletuhin ang papel na form ng rehistrasyon para sa botante (makukuha sa mga aklatan at iba pang lokal na opisina ng gobyerno, o sa koreo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento). Ang botante na walang kakayahang pumirma sa kanilang form ng rehistrasyon ay maaaring gumawa ng marka na nasaksihan ng indibidwal na 18 taong gulang o pataas ang edad, o gumamit ng kanilang tatak ng lagda.

Ang deadline para magparehistro upang makaboto para sa alinmang eleksyon ay 15 araw bago ang Araw ng Eleksyon. Para sa mga hindi umabot sa deadline, maaari pa rin kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

**Sa ilalim ng lokal na batas, maaaring bumoto ang ilang hindi mamamayang residente ng San Francisco sa lokal na eleksyon ng Lupon ng mga Paaralan. Para sa impormasyon, mangyaring pumunta sa sfelections.org/NCV o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.*

2. Aksesibleng Impormasyon ukol sa Eleksyon

Isang buwan bago ang bawat eleksyon, makatatanggap ang mga botante ng San Francisco ng Voter Information Pamphlet (Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, VIP) at Halimbawang Balota na may impormasyon ukol sa mga lokal na kandidato at panukalang batas. Para sa mga pambuong-estadong eleksyon, makatatanggap din ang mga botante ng Voter Information Guide (Gabay na Impormasyon para sa Botante, VIG) na may impormasyon ukol sa pang-estado at pampederal na mga katungkulan at pang-estado na mga panukalang-batas.

Ang lokal na VIP at pang-estado na VIG ay parehong makukuha sa ilang mga aksesibleng pormat.

Para ma-access ang HTML, XML, o PDF VIP, pumunta sa sfelections.org/VIP.

VIP

Para humiling ng large-print o malaki ang pagkakaimprenta na VIP, tumawag sa (415) 554-4310/TTY: (415) 554-4386.

Para ma-access ang American Sign Language o PDF VIG, pumunta sa voterguide.sos.ca.gov/asl/.

VIG

Para humiling ng large-print o audio ng VIG, tumawag sa (800) 833-8683/TTY/TDD: (916) 657-2166 o pumunta sa voterguide.sos.ca.gov/en/alt-versions/.

3. Mga Opsiyon sa Aksesibleng Pagboto

A. Pagboto sa pamamagitan ng koreo

Isang buwan bago ang bawat eleksyon, awtomatikong makatatanggap ng pakete ng balotang vote-by-mail ang mga botante ng San Francisco sa koreo, na may lamang balota, instruksiyon sa pagboto, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo.

Maaaring humiling ang mga botante ng large-print na balota sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento o i-access ang nababasa sa screen na bersyon ng kanilang balota hanggang sa Araw ng Eleksyon sa pamamagitan ng sistema ng aksesibleng vote-by-mail sa sfelections.org/access.

Para ibalik ang balota, selyohan ito sa pambalik na sobre, kompletuhin ang sobre*, at ihulog ito sa koreo o dalhin sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa alinmang lugar ng botohan, o sa opisyal na kahon na hulugan ng balota.

**Ang botante na walang kakayahan na pumirma sa kanilang sobre ay maaaring gumawa ng marka na nasaksihan ng indibidwal na 18 taong gulang o pataas ang edad, o gumamit ng kanilang tatak ng lagda.*

B. Pagboto nang personal

Mayroong aksesibleng ballot-marking device o aparatong nakatutulong sa pagmamarka ng balota sa bawat lugar ng botohan na may ilang mga katangian:



Multilingguwal na touchscreen navigation na maaaring baguhin ang laki ng teksto at kulay ng background



Pagiging akma sa mga nakatutulong na kagamitan, tulad ng mga paddle, sip-and-puff, at head-pointers



Multilingguwal na audio navigation na may keypad na nakaumbok na Braille at pribadong headphones



Madaling pag-imprenta ng mga minarkahang balota (para sa seguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng datos tungkol sa boto ang mga kagamitang nakatutulong sa pagmamarka)

Nagbibigay ang bawat lugar ng botohan ng mga rekursong nakatutulong sa pagboto, tulad ng mga lente, panulat sa balota na madaling hawakan, booth ng botohan na aksesible para sa wheelchair, at pagboto nang nakaupo.

Nagsusumikap ang Departamento ng mga Eleksyon na siguraduhing ang lahat ng lugar ng botohan ay ADA accessible (aksesible sa may kapansanan) sa bawat eleksyon. Para makumpirma kung ang lugar ng botohan ay accessible, tingnan ang likod na pabalat ng inyong Voter Information Pamphlet o makipag-ugnayan sa Departamento.

Kung hindi makapasok sa lugar ng botohan ang botante sa anumang kadahilanan, maaari nilang hilingin na bumoto ng “curbside” o sa gilid ng daan sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o sa pagpapapasok ng kanilang kasama sa loob ng lugar ng botohan at ibigay ang kanilang impormasyon bilang botante sa manggagawa ng botohan. Sunod, magdadala ang manggagawa ng lugar ng botohan ng balota at ang materyales sa pagboto para sa botante at tutulungan sila, kung kinakailangan.

C. Paghahatid sa balota

Habang nasa 29-araw na panahon ng pagboto bago ang Araw ng Eleksyon, maaaring i-awtorisa ng mga botante ang kanilang kasama sa bahay o miyembro ng pamilya na higit sa 16 taong gulang ang edad upang kuhain ang kanilang balota mula sa Departamento ng mga Eleksyon.

Sa huling linggo ng panahon ng pagboto, maaaring humiling na mapadalhan ng balota ang mga botanteng nakaratay sa ospital o hindi makaalis ng bahay. Maaaring ihatid ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon ang balota direkta sa botante o sa isang awtorisadong kinatawan, tulad ng caregiver o tagapag-alaga o kawani ng ospital.

Makukuha ang mga form para i-awtorisa ang isang tao upang kuhain o ihatid ang balota ng botante sa sfelections.org/ballotservices o sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento.

4. Karapatan sa Pribadong Balota

Ang lahat ng botante ay may karapatan na bumoto ng pribadong balota. Maaaring hilingin o magsama ng hanggang sa dalawang tao ang botante upang matulungan sila sa pagboto, maliban nalang kung sila ang employer o tagapag-empelyo ng botante, ahente ng employer ng botante, o isang kinatawan ng unyon ng botante. Labag sa batas na sabihan ang botante ng sinumang taong tumutulong sa kanila kung paano bumoto o ibunyag sa iba ang mga pinili ng botante. Kung mayroon kayong nasaksihang panghihimasok sa eleksyon, pananakot sa botante, o panloloko, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon o sumali sa Voting Accessibility Advisory Committee o Komite ng Pagpapayo sa Aksesibilidad na Pagboto (VAAC) at matulungang pagandahin ang mga serbisyo ng aksesibilidad ng eleksyon sa San Francisco:



Tumawag sa (415) 554-4310/TTY: (415) 554-4386



Mag-email sa SFVote@sfgov.org



Bumisita sa City Hall, Room 48 (accessible ang lahat ng pasukan)



Pumunta sa sfelections.org